

## Air quality monitor na gawang Pinoy, ipapamahagi sa mga komunidad na apektado ng Bulkang Taal

Ni Jerossa J. Dizon, DOST-STII  
Mga larawan mula sa DOST-PCIEERD

**D**ahil sa patuloy na hindi pananahimik ng Bulkang Taal ay makatatanggap ang mga apektadong bayan at siyudad nito ng mga air quality monitors mula sa mga mananaliksik ng University of the Philippines Diliman.

Nakatakdang ipamahagi sa bayan ng Agoncillo sa lalawigan ng Batangas, at sa siyudad ng Tagaytay at bayan ng Alfonso sa Cavite ang Robust Optical Aerosol Monitor (ROAM) Air Quality Monitor units mula sa Project ROAM.

Ito ang kauna-unahang Filipino-made air quality monitor na nilikha para sukatin ang particulate matter sa hangin gamit ang mass concentration measurement. Sa pangunguna ni Dr. Len Herald V. Lim, nakagawa ang grupo ng high-quality aerosol monitors na mas abot-kaya kumpara sa mga katapat nito sa merkado.

Dinisenyo ito nang partikular para makahanap ng mga paraan upang mabawasan ang epekto ng polusyon sa hangin sa mga komunidad at nagawa ito sa pakikipagtulungan ng Department of Science and Technology – Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research ang

Development (DOST-PCIEERD).

Unang binuo ang ROAM bilang tagapagbigay ng impormasyon sa paggawa ng mga polisiya at programa para sa pangangalagang pangkalikasan, na ngayon ay nakatutulong na sa mga residente mula sa nabanggit na tatlong local government units (LGUs).



### Mga Nilalaman

Dabawenyo Start-up, kinatawan ng Pinas sa Hult Prize 2021 sa London.....	p2
Marinduque at Social Action Commission, nakipagtulungan sa DOST-MIMAROPA at DOST-FNRI sa pagbubukas ng Complementary Food Production Facility sa Boac, Marinduque.....	p3
DOST-FPRDI nagpamahagi ng mga bamboo-abaca alcohol dispenser at foot bath sa Los Baños, Laguna.....	p4

Ayon kay Levi Guillermo L. Geganzo ng Project ROAM, kasalukuyan ngayong pinag-uusapan ang magiging plano sa pamamahagi ng mga units sa tatlong lokal na pamahalaan. Nakikipag-ugnayan na rin aniya ang mga mananaliksik ng UP-Diliman sa Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS) para matulungan sila sa isasagawang regular monitoring.

Ibinalita rin ni Geganzo na sa ngayon ay pinag-aaralan ng ROAM ang pagkakaroon

ng spin-off company sa pamamagitan ng Funding Assistance for Spinoff and Translation of Research Advancing Commercialization (FASTRAC) program ng DOST-PCIEERD para mas mapabilis ang komersyalisasyon ng kanilang teknolohiya.

Dagdag pa niya, bukod sa mga nagpakita na ng interes ay naghahanap din ngayon ang grupo ng mga karagdagang organisasyon na nagnanais gamitin ang ROAM nang libre sa loob ng isang taon, lalo at isa rin ito sa mga kinakailangan para sa FASTRAC grant.

Pinuri naman ni DOST-PCIEERD Executive Director Dr. Enrico C. Paringit ang hakbang ng grupo at hinimok niya rin ang iba pang LGU na makipag-ugnayan sa ROAM tungkol sa paglalagay ng air quality monitors sa kani-kanilang mga lugar. (Impormasyon mula sa DOST-PCIEERD)

# Dabawenyo Start-up, kinatawan ng Pinas sa Hult Prize 2021 sa London

Ni Rosemarie C. Señora, *DOST-STII*  
Mga larawan mula sa Alipugpug Tech Solutions Facebook Page

Isang grupo ng mga mag-aaral mula sa University of Mindanao (UM) – Davao City Campus ang natatanging kinatawan ng Pilipinas para sa Hult Prize 2021 na gaganapin mula ika-8 ng Agosto hanggang ika-12 ng Setyembre 2021 sa Ashridge Castle, London, United Kingdom.

Ang Alipugpug Tech Solutions ay isang technology-based startup na naglalayong makapagbigay ng solusyon sa serbisyong may kinalaman sa agrikultura. Binubuo ito ng pitong mag-aaral mula sa UM na sina Elpedio Corbeta Jr., John Kaiser Taylaran, Daniel Navarro, Jeremiah Malalis, Kim Aliya Tomaro, Steph Kier Ponteras, at Dale Viñalon. Nag-aalok ang grupo ng healthy market ecosystem gamit ang digital platforms and solutions na makatutulong para sa mga maliliit na magsasaka na makakuha ng competitive advantage sa merkado.

Nakapasok ang grupo sa nabanggit na international competition gamit ang kanilang entry na Malakas Vertical Farming System (VFS), isang awtomatikong vertical at horizontal farming system na gawa sa kawayan na may kakayahang magtanim ng punla, magpatubo, at makapag-ani ng mga pananim. Nakadebelop rin sila ng Maganda Capsule, isang water-soluble formula na gawa sa waste



materials tulad ng balat ng saging, balat ng itlog, balat ng rambutan, at guyabano na makatutulong sa paglago ng halaman at paglaban ng mga ito sa mga sakit.

Nakagawa rin ang grupo ng Dumangan e-commerce website, isang digital na pamilihan na makatutulong sa mga miyembro ng agricultural value chain na ma-monitor ang transaction input ng mga kompanya, magsasaka, at iba pang intermediaries.

Nag-oooperate ang Alipugpug Tech Solutions sa ilalim ng UMasenso HUB, na university-based Technology Business Incubator o TBI na pinondohan ng Department of Science and Technology o DOST sa ilalim ng Higher Education Institution Readiness

for Innovation and Technopreneurship (HeIRIT) Program. Sinusuportahan nito ang mga naghahangad maging technopreneurs sa pamamagitan ng pagsasanay, pagtuturo o mentorship, at mga program ukol sa inobasyon.

“UMasenso HUB congratulates the founders of Alipugpug Tech Solutions for making it this far with their startup and qualifying for the Hult Prize 2021. We witnessed their startup journey and believed in their talents, skills, and purpose in helping the agriculture community,” ani UMasenso HUB Manage Efrhain Louis Pajota.

Dagdag pa niya, hinihikayat din nila ang iba pang mga naghahangad na innovators na simulan at makilahok na sa startup building sa tulong ng DOST-assisted TBIs upang makagawa ng positibong epekto sa kani-kanyang komunidad.

Sa ngayon, naghahanda ang grupo para sa kanilang pagpunta sa London para sa gaganaping isang buwan na in-person mentoring kasama ang mga global startup expert upang makipagkumpentensya sa 60 Global Accelerators mula sa iba't ibang bansa para sa premyong \$1-M seed capital grant.

Ang Hult Prize ay isang taunang global competition para sa mag-aaral sa kolehiyo na may mga makabagong solusyon at mabubuhay na ideyang pang-negosyo sa pagtugon sa iba't ibang isyung panlipunan tulad ng seguridad sa pagkain, access sa tubig, enerhiya, at edukasyon. (*Impormasyon mula sa DOST XI S&T Promotion*)





# Marinduque at Social Action Commission, nakipagtulungan sa DOST-MIMAROPA at DOST-FNRI sa pagbubukas ng Complementary Food Production Facility sa Boac, Marinduque

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*  
Mga larawan mula sa DOST-MIMAROPA

**S**imula noong Hulyo 2021, bukas na sa publiko ang pasilidad para sa produksyon ng Rice Mongo Curls Production sa Brgy. Caganhao, Boac, Marinduque. Matapos ang dalawang linggong trial production, ang mga miyembro-employado ng Social Action Commission (SAC) ay handa nang mag-prodyus ng rice mongo curls o "RINGGO".

Ang "RINGGO" ay isang masustansyang pagkain na dinebelop ng Department of Science and Technology-Food and Nutrition Research Institute (DOST-FNRI). Ito ay gawa sa pinaghalong rice flour at mongo flour at naglalaman ng mataas na content ng protina at enerhiya. Dahil dito, isa itong masustansyang meryenda para sa bata o sa matanda.

Nai-adopt ng SAC ang teknolohiya ng Rice Mongo Curls mula sa Technology Licensing Agreement (TLA), sa tulong ng DOST-FNRI at ng DOST-MIMAROPA.

Nagbigay din ng technology intervention ang DOST-MIMAROPA sa SAC, kagaya ng kumpletong processing equipment para sa production facility. Ilan sa mga equipment ay ang heavy-duty flour mill, cereal pop machine, heavy-duty food grinder, mechanical dryer, handheld grain moisture meter tester, octagonal mixer, table, weighing scales, at sealers. Bukod pa rito, tinutulungan din ng DOST-MIMAROPA ang SAC sa pag-debelop ng packaging at labelling ng "RINGGO".

Nagpakita rin ng suporta ang Diocese ng Boac na si Bishop Marcelino Antonio Maralit para sa pagbubukas ng pasilidad kung saan pinangunahan niya ang pangangalap ng pondo para sa paggawa ng processing facility building. Samantala, nag-abot ng tulong ang Provincial Government ng Marinduque sa pamamagitan ng pagbibigay ng transformer upang punan ang pangangailangan ng mas maasahang power supply at masiguro ang tuluy-tuloy na produksyon sa pasilidad.

"Sa ngalan po Diyosesis ng Boac sa pangunguna ng aming Obispo, Bishop Marcelino Antonio Maralit Jr. DD, at ng Social Action Commission, sa pangunguna ng inyong lingkod, Rev. Fr. Eulogio L. Mangui, nais po naming ipaabot ang aming pasasalamat sa DOST-MIMAROPA sa pagbibigay sa amin ng pagkakataong maging beneficiary ng proyektong ito. Ito po ay isang napakalaking tulong para sa aming mga manggagawa lalo't higit ngayong panahon ng pandemya kung saan maraming mga manggagawa ang nawalan ng hanapbuhay. Malaking tulong din po ito para sa aming mga kabataan at mga mamamayan sapagkat nagkaroon sila ng pagkakataong makabili ng mura at masustansyang pagkain na gawa mismo dito sa aming lalawigan. Lalo't higit malaking tulong din ito upang maisulong ng Social Action Commission ang mga programa ng Diyosesis para sa pagbubuo at paghuhubog ng komunidad ayon sa pananaw ng Diyosesis na 'Simbahan ng mga Dukha na may Katarungan, Pag-ibig at Kapayapaan!' Patuloy po kaming magsisikap upang ang proyektong ito ay higit pa naming mapaunlad. Maraming salamat po," pahayag ni Eulogio L. Manangui ng SAC.

Plano nang gamitin ng DepEd, DSWD, at ng local government units sa probinsya ang "RINGGO" para sa mga feeding program sa mga bata. Inaasahang makatutulong ang produktong ito upang magkaroon ng positibong pagbabago sa estado ng nutrisyon ng kabataan, lalo na sa mga batang nabibilang sa mga pamilyang hirap makakain nang masustansya.

## Virtual Training para sa Rice Mongo Curls Production


Bago pa man buksan ang pasilidad, nagkaroon na ng virtual training sa Rice Mongo Curls Production ang DOST-MIMAROPA sa tulong ng DOST-FNRI noong ika-23 hanggang 25 ng Hunyo 2021.

"RINGGO" o Rice Mongo Curls

Dinaluhan ang training ng tatlong representative at limang empleyado mula sa SAC, kasama ang limang Barangay Nutrition Scholars mula sa Munisipalidad ng Boac, at apat na representative mula sa Provincial Science and Technology Center (PSTC) sa Marinduque. Pinangunahan naman ng mga eksperto mula sa DOST-FNRI ang training kung saan ibinahagi nila ang iba't ibang materyales, nararapat na equipment, procedure, formula, at human resource requirement sa pag-prodyus ng Rice Mongo Curls.

Pinag-usapan din sa training ang 5S, Good Manufacturing Practices, at Food Safety upang masiguro na ang mga produkto ay malinis at ligtas kainin.

Sinimulan ding ibahagi ng DOST-FNRI ang kanilang teknolohiya sa Rice Mongo Food Blend, isang ready-to-eat na komplimentaryong pagkain na maaaring makain sa pagdagdag lamang ng mainit na tubig. (*Impormasyon mula sa DOST-MIMAROPA*)



Rice Mongo Curls Facility sa Boac, Marinduque

# DOST-FPRDI nagpamahagi ng mga bamboo-abaca alcohol dispenser at foot bath sa Los Baños, Laguna

Ni Jerossa J. Dizon, *DOST-STII*  
Mga larawan mula sa DOST-FPRDI

**N**agpamahagi kamakailan ang DOST-Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI) ng mga bamboo-abaca hands-free disinfectant dispensers and foot baths sa ilang mga establisyimento at tanggapan ng pamahalaan sa Los Baños, Laguna.

Ang dispenser na gawa sa kawayan ay naglalabas ng alcohol kapag tinapakan ang naka-konektang foot bath habang ang abaka naman ang nagsisilbing sponge o punasan na nagdi-disimpekta sa sapatos ng nakatapak rito. Binuo ng ahensya ang nasabing aparato noong 2020 bilang tugon sa COVID-19 outbreak.

Sampung prototypes ang ipinagkaloob sa University of the Philippines Los Baños (UPLB); DOST – Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD); DOST-CALABARZON; Los Baños Municipal Office; Los Baños Doctors Hospital; Los Baños Municipal Health Office; vaccination hub sa Barangay Batong Malake; Centro Mall, Diocesan Shrine of St. Therese of the Child Jesus; at sa Batong Malake Barangay Hall.

Bago ibinigay ang mga prototype ay nilagyan na rin ito ng alcohol upang masuri at makita ang kakayanang magamit ang kaayusan nito.

Ayon kay Project Leader Florena B. Samiano, sinusupportahan ng DOST-FPRDI ang



Ilan sa mga unit ng hands-free dispenser ang ibinigay sa Brgy. Batong Malake, Los Baños, Laguna

sustenableng paggamit ng lokal na yamang gubat upang makatulong sa publiko kontra COVID-19 infection.

Paliwanag ni Samiano, ang paggamit ng mga produktong natural tulad ng kawayan at abaka ay magresulta ng maganda dahil dalawa ito sa pinakamura at pinakamaraming mapagkukuhanan ng suplay sa bansa. Hindi rin niya makasisira sa kalikasan dahil biodegradable ang mga ito.

Ginawa ang distribusyon noong ika-6 ng Hulyo 2021 bilang bahagi ng ika-64 na anibersaryo ng naturang institusyon. (Impormasyon mula kay Apple Jean C. Martin-de Leon, *DOST-FPRDI*).



Ipinapaliwanag ni Florena B. Samiano mula sa DOST-FPRDI kay Los Baños Mayor Hon. Antonio L. Kalaw kung paano gumagana ang hands-free dispenser mechanism.



Bukod sa dispenser, ilang DOST-FPRDI face shield din na gawa sa lapnis ang ibinigay sa Los Baños frontliners tulad ng mga miyembro ng Sangguniang Barangay of Batong Malake. (Larawan mula sa Facebook page ng Brgy. Batong Malake)

**JASMIN JOYCE P. SEVILLA**  
Editor-in-Chief

**ALLAN MAURO V. MARFAL**  
Managing Editor

**JAMES B. INTIA**  
Layout Artist/Photo Editing

**ROSEMARIE C. SEÑORA**  
Proofreader

**FERDINAND M. CARTAS**  
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalaín ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (632) 8837-2071 ext. 2148/Telefax: (632) 8837-2195.